Republic of the Philippines
Department of Education
REGION I
SCHOOLS DIVISION OF VIGAN CITY

20 APR 2026

Advisory No. 89, s. 2026
In compliance with DepEd Order (D.O.) No. 8, s. 2013
The advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd Officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.

**TATSULOK: PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA PHILIPPINE STUDIES 2026**

Bilang pagtukoy sa Pangrehiyong Paalala Bilang 54, s. 2026, ipinababatid ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ng Unibersidad ng Pilipinas-Diliman ang Tatsulok: Pambansang Kumperensiya sa Philippine Studies 2026 na gaganapin sa Ignacio B. Gimenez-KAL Theatre, Hunyo 18-19, 2026.

Ang kumperensiya na may temang "Rizal at Pagkamakabayan" ay nakatuon sa okasyon ng ika-170 anibersaryo ng Batas Rizal (RA 1425).

Ang paglahok sa nasabing aktibidad ay boluntaryo.

Para sa karagdagang detalye kaugnay ng mga timpalak na ito, sumangguni sa kalakip na panuntunan at gabay.

SGOD/ahem/ADV_2026 Tatsulok
April 17, 2026

SCHOOLS DIVISION OF
DEPED VIGAN CITY
20 APR 2026
RELEASED
BY:

Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION I

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. 1
RECEIVED
011747
BY: DATE:
MAR 3 1 2026

2003 - 2248 / E 573

Advisory No. 54, s. 2026
MAR 3 1 2026

In compliance with DepEd Order (D.O) No. 8, s. 2013
this advisory is issued not for endorsement per D.O No. 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd Officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

**IMBITASYON SA TATSULOK: PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA PHILIPPINE STUDIES 2026**

Ang Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ng Unibersidad ng Pilipinas-Diliman ang Tatsulok: Pambansang Kumperensiya sa Philippine Studies 2026, na gaganapin sa Ignacio B. Gimenez-KAL Theatre, Hunyo 18-19, 2026. Tatsulok ang kumakatawan sa mahigpit na ugnayan ng Akademya, Bayan at mga Kilusang Panlipunan sa pagpupunyagi para sa makabuluhang edukasyon sa lipunan-makabayan, progresibo, kritikal, makamasa at malay-sa-kasarian.

Ang kumperensiya na may temang "Rizal at Pagkamakabayan" ay nakatuon sa okasyon ng ika-170 anibersaryo ng Batas Rizal (RA 1425), isinagawa pagkatapos ng 130 taon mula ng sumiklab Himagsikang 1896, gayundin ang kamatayan ng magiting na bayani.

Ang mga target na kalahok ay mga mga pinuno ng paaralan at mga gurong nagtuturo ng Filipino, Rizal, MAPEH, Agham Panlipunan, at iba pang kaugnay na asignatura. Nakalakip ang mga konseptong papel at poster bilang sanggunian ng mga interesadong kalahok.

Ang kumperensiya ay nagkakahalaga ng P2,000.00 para sa rehistrasyon, conference kit, sertipiko, at pagkain para sa dalawang araw.

Para sa pagpaparehistro at iba pang mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan dito:

**PROP. NANCY KIMUELL-GABRIEL**
Pangkalahatang Convenor ng Kumperensiya
Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Quezon City
E-mail address: kumperensyangtatsulok@gmail.com
Facebook Page: https://www.facebook.com/dfpp.cal.upd

Documan ©
DepEd RO1 HRDD260359

HRDD/aac/ADV_TatsulokUP
March 27, 2026

**DEPARTAMENTO NG FILIPINO AT PANITIKAN NG PILIPINAS**
**Kolehiyo ng Arte at Literatura**
**Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon**

**KONSEPTONG PAPEL**
**TATSULOK: PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA PHILIPPINE STUDIES 2026**
**RIZAL AT PAGKAMAKABAYAN**
**UP DILIMAN Ignacio B. Gimenez-KAL THEATER**
**18-19 HUNYO 2026**

Ang Pambansang Kumperensiyang Tatsulok sa Philippine Studies/Araling Pilipino 2026 ay proyektong ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (DFPP) ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Dinisenyong isasagawa tuwing makalawang taon, inaadhika ng **Kumperensiyang Tatsulok** na palakasin ang mga nililinang na sub-erya ng Philippine Studies sa DFPP na nakapook sa wika, panitikan at kulturang Pilipino. Layon ng Kumperensiya na tipunin ang mga iskolar/akademiko at mga kinatawan ng mga kilusang panlipunan at bayan para sa isang kumperensiyang nakatuon sa temang **"Rizal at Pagkamakabayan."**

Okasyon ito **ng ika-70 anibersaryo ng Batas Rizal** (RA 1425, Hunyo 12 1956), isinasagawa pagkatapos ng **130** taon ng Mi Ultimo Adios ni Gat Jose Rizal at humigit-kumulang 130 taon mula nang sumiklab ang Himagsikang 1896, gayundin ang kamatayan ng magiting na bayani. Mahabang panahon na ito para tasahin at ipakita ang pag-unlad at mga bagong suliraning kinaharap ng bansa. Umaasang mapag-iibayo ng talastasang ito ang pagpupunyagi ng akademya, mga kilusang panlipunan at ng bayan, para ipagtagumpay ang hiraya ng ating mga bayani, kasama si Gat Jose Rizal.

Isinasagisag ng "Tatsulok" ang mahigpit na ugnayan ng Akademya, Bayan at mga Kilusang Panlipunan sa pagpupunyagi para sa makabuluhang edukasyon sa lipunan. Sa pamamagitan ng ganitong talastasan, mapalilitaw ang mga usaping may saysay sa komunidad, bansa at daigdig. Sa mga susunod na makalawang taon, itatampok naman ang mga paksa at isyung umiinog sa *Diskurso at Kapangyarihan, Kilusang Panlipunan, Kulturang Popular, Araling Foklor*, at *Araling Rizal at Pagkamakabayan*.

Sa patuloy na pagpupunyagi ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (DFPP) na *magsulong ng kamalayang maka-Pilipino, makatarungan, at mapaglingkod sa bayan, malay at tumutugon sa nagbabagong kalakarang pambansa at pandaigdig sa pamamagitan ng mga aralin sa wika, panitikan, at kultura*, tumutugon ang inoorganisang pambansang kumperensiya ng Philippines Studies sa mga pangkalahatan layunin ng nito na (1) Paunlarin ang mga siyentipiko't kritikal na pananaw hinggil sa lipunan at kalinangang Pilipino; (2) Mag-ambag sa proyekto ng pagbubuo't paglikha ng isang maka-Pilipino, at makataong kulturang pambansa; (3) Paunlarin ang Wikang Pambansa bilang daluyan ng mga akademiko't intelektwal na paksain; at (4) Linangin ang mga pananaw at lapit na interdisiplinaryo.

Inaasahang mahuhubog sa mga lalahok sa Kumperensiyang tatsulok na:

(1) Makapagbahaginan ng kaalaman, kasanayan at adbokasiyang makapagpapayaman bilang kritikal na lente, metodo at praktika ng pananaliksik sa Philippine Studies/Araling Pilipino;

(2) Makapag-ambag sa pagpapaunlad ng mga estilo at paraan ng pagtuturo ng Kursong PI 100 o kursong Rizal mula sa Batayang Edukasyon at Mataas na Lalong Edukasyon na salig sa oryentasyon ng Araling Pilipino at makapagpapataas ng mga pagsusuri sa mga nagbabagong kalagayan sa Pilipinas at daigdig;

(3) Ibayong mapaunlad ng mga silabus sa Philippine Studies/Araling Pilipino at makapagbuo ng mga bagong aklat, babasahin at materyal-panturo na ibubunga ng talastasan, at

(4) Mapataas ang kamalayan sa mga isyung pambansa at pandaigdig na nakasandig sa hugpungan ng talastasang akademiko, komunidad at panlipunang kilusan. Inaasahan na ang talastasang ito ng mga iskolar at kinatawan ng mga kilusang bayan/komunidad ay magpapahigpit ng ugnayang magtitiyak sa palagiang makabuluhang edukasyon na ihahain ng Larangan para sa pangangailangan ng mamamayan at pag-unlad ng lipunang Pilipino sa kabuuan.

Ang ilulunsad na kumperensiya ay may dalawang araw na nagtatampok ng susing pananalita, dalawang plenaryong panel at pagbasa ng mga papel-saliksik sa sesyong paralel na bubuksan sa lahat ng mga guro, organisador ng komunidad, iskolar, mananaliksik at mag-aaral ng Araling Pilipino.

**TATSULOK: PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA PHILIPPINE STUDIES 2026**
**RIZAL AT PAGKAMAKABAYAN**
**UP DILIMAN Ignacio B. Gimenez-KAL THEATER**
**18-19 HUNYO 2026**

## PANAWAGAN PARA SA MGA PAPEL

Inilulunsad ang Pambansang Kumperensiya Tatsulok ng Philippine Studies/Araling Pilipino 2026 kasabay ng **ika-60 na taon** nang pagkakatag ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (DFPP) ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Tatsulok ang kumakatawan sa mahigpit na ugnayan ng Akademya, Bayan at mga Kilusang Panlipunan sa pagpupunyagi para sa makabuluhang edukasyon sa lipunan – *makabayan, progresibo, kitikal at makamasa.*

Isasagawa tuwing makalawang taon ang **Kumperensiyang Tatsulok** para patuloy na palakasin ang mga nililinang na sub-erya ng Philippine Studies sa DFPP na nakapook sa wika, panitikan at kulturang Pilipino, at may layuning mapatagos sa mga gawain at usaping may saysay sa komunidad, bansa at daigdig. Sa ganitong konteksto, itatampok ang mga paksa at isyung umiinog sa *Diskurso at Kapangyarihan, Kilusang Panlipunan, Kulturang Popular, Araling Folklore*, at *Araling Rizal at Pagkamakabayan*.

Ngayong taon, ang tema ng kumperensya ay **RIZAL AT PAGKAMAKABAYAN.** Okasyon ito ng **ika-70 anibersaryo ng Batas Rizal (RA 1425), isinasagawa 130 taon pagkatapos ng Mi Ultimo Adios** ni Gat Jose Rizal at humigit-kumulang **130 taon mula nang sumiklab ang Himagsikang 1896, gayundin ang kamatayan ng magiting na bayani.** Mahabang panahon na ito para tasahin at ipakita ang pag-unlad at mga bagong suliraning kinaharap ng bansa. Umaasang mapag-iibayo ng talastasang ito ang pagpupunyagi ng akademya, mga kilusang panlipunan at ng bayan, para ipagtagumpay at hindi mauwi sa wala ang pag-aalay ng buhay ng ating mga bayani, kasama si Gat Jose Rizal.

Kaugnay nito, iniimbitahan ang lahat ng mga guro, iskolar, organisador ng komunidad, iskolar, mananaliksik, mag-aaral at mga aktibista na magpasa ng kanilang papel kaugnay ng mga sumusunod na tema:

**RIZAL AT PAGKAMAKABAYAN SA**

- Kalagayang Panlipunan sa Kasalukuyan
- Mga Batayang Sektor/ Kaunlarang Pampamayanan/Panlipunan
- Usaping Pangkapangyarihan: Uri, Kasarian, Nasyonalidad, Etnisidad
- Mga Kilusang Panlipunan
- Rehiyonal at Pandaigdigang Kalagayan
- Edukasyon at Pedagohiya/Sistemang Pang-edukasyon
- Araling Foklor at Pamanang Bayan (Heritage Studies)
- Midya at Kulturang Popular

- Agham,Teknolohiya at Kapaligiran
- Wika, Panitikan at Malikhaing Pagsulat
- Mga Sining
- Agham Panlipunan
- Politika/Pamamahala/
- Relihiyon/Kilusang Milenaryo

Ipadala ang 300-salitang *word file* **asbtrak** kalakip ang inyong buong pangalan, institusyong kinabibilangan, email address at maikling bionote (150 salita) sa link na ito: **https://tinyurl.com/kumperensyangtatsulok2026**. Tumatanggap ng **indibidwal at panel submisyon** ang Kumperensya.

**Marso 31, 2026** ang ***deadline* ng pagpapasa ng abstrak.** Ipadadala ang resulta ng inyong aplikasyon mula **Abril 20, 2026.** Ang mga mapipiling paksa/gawa ay isasama sa proyektong publikasyon. Ang buong papel ay hindi lalampas sa 8,000 salita gamit ang MLA 8th edition pormat. Gaganapin naman ang Kumperensiyang Tatsulok sa **18-19 Hunyo 2026.**

## TENTATIBONG PROGRAMA

| Hunyo 18 (Unang Araw) | Hunyo 19 (Ikalawang Araw) |
|---|---|
| **8:00-9:00 n.u.**<br>Rehistrasyon<br>Pambansang Awit<br>Pambungad na Pananalita<br>Rasyonal at Layunin ng Kumperensiya | **9:00 n.u-12:00 n.t.**<br>***Rizal, Kilusang Bayan at Pakikibakang Mamamayan***<br><br>Pagpapakilala sa Susing Tagapagsalita<br>Susing Pananalita (Dr. Marot Flores)<br><br>Pagpapakilala sa mga Tagapagsalita ng Plenaryong Panel 2<br><br>Malayang Talakayan |
| **9:00 n.u. – 12:00 n.t.**<br>***Rizal at Kasalukuyang Kalagayang Pambansa at Pandaigdig***<br><br>Pagpapakilala sa Susing Tagapagsalita<br>Susing Pananalita (Dr. Ramon Guillermo)<br><br>Pagpapakilala sa mga Tagapagsalita ng Plenaryong Panel<br><br>Plenaryong Panel 1<br><br>Malayang Talakayan | **12:00 n.t. -1:00 n.h.**<br>Pananghalian |
| **12:00 n.t. -1:00 n.h.**<br>Pananghalian | **1:00-3:00 n.h.**<br>Sesyong Paralel I-L: Pagbasa ng mga papel-saliksik (4 na parallel session) |
| **1:00-3:00 n.h.**<br>Sesyong Paralel A-D: Pagbasa ng mga papel-saliksik (4 na parallel session) | **3:30-5:00 n.h.**<br>Pangwakas na Programa<br>Paggawad ng mga sertipiko |
| **3:30-5:00 n.h.**<br>Sesyong Paralel E-H: Pagbasa ng mga papel-saliksik (4 na parallel session) | |

## MGA SUSING TAGAPAGSALITA

### Dr. Ramon Guillermo

Si Dr. Ramon "Bomen" Guillermo ay kasalukuyang Direktor ng Center for International Studies at dating propesor ng Philippine Studies sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas – UP Diliman. Natapos niya ang kanyang BA at MA sa Philippine Studies sa UP Diliman at nakamit ang kanyang PhD sa Southeast Asian Studies bilang iskolar ng German government sa Unibersidad ng Hamburg. Naging visiting researcher siya sa Unibersidad ng Indonesia at Unibersidad ng Kyoto sa Japan. Hinirang siya bilang Asian Public Intellectual (API) noong 2009. Nanalo ang kanyang nobelang "Ang Makina ni Mang Turing" (UP Press 2013) ng premyong Gintong Aklat ng National Book Development Board (NBDB). Nakapagpalathala na siya ng maraming sanaysay tungkol sa social science indigenization, kasaysayang intelektwal ng Pilipinas, translation studies, Philippine writing systems, computer-aided text analysis at digital humanities. Nagsasalin siya ng mga akdang pilosopikal at historikal mula sa mga wikang German, French at Bahasa Indonesia.

### Dr. Ma. Crisanta N. Flores

Kasalukuyang propesor ng Philippine Studies sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas – UP Diliman at affiliate faculty ng TriCollege PhD Philippine Studies Program. Nagtapos ng Ph.D. in Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman kung saan ginawaran siya bilang Natatanging Gradwadong Mag-aaral noong 2002. Sa UP Diliman din siya nagtapos ng Batsilyer (cum laude) at Masterado sa ilalim ng Programang Interdisiplinari na Philippine Studies. Ang ilan sa mga disiplina na itinuturo at sinasaliksik ni Flores ay ang mga sumusunod: Panitikang Filipino, Kasaysayan ng Pilipinas, Cultural Anthropology, Gender Studies, Comparative Literature, Ethnic Studies at Popular Culture.

Nagsimulang magturo sa UP Diliman noong 1987 pagkatapos ng gradwasyon, si Flores ay propesor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Kolehiyo ng Arte at Literatura at Affiliate Faculty naman ng Tri-College Ph.D. Philippine Studies Program na nakabase sa Asian Center. Nakapaglimbag na siya ng ilang libro at nakapaglathala ng mga akademikong papel na nauukol sa kanyang disiplina. Ilan sa mga publikasyong ito ay umani ng pagkilala mula sa Unibersidad ng Pilipinas System. Tinanggap din niya ang Outstanding Citizen Award sa larangan ng Kultura mula sa pamahalaang lokal ng syudad San Carlos ng Pangasinan, ang kanyang lalawigang sinilangan. Ginawaran din siya ng kanyang High School Alma Mater (Divine Word Academy of Dagupan) bilang Outstanding Alumna. Si Flores ay laging resource person sa telebisyon sa larangan ng Kultura.

**DEPARTAMENTO NG FILIPINO AT PANITIKAN NG PILIPINAS**
**Kolehiyo ng Arte at Literatura**
**Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon**

# TATSULOK: PAMBANSANG KUMPERENSYA SA PHILIPPINE STUDIES 2026

## RIZAL AT PAGKAMAKABAYAN

Panawagan para sa mga papel

**Ignacio B. Gimenez - KAL Theater | 18 - 19 Hunyo 2026**
**Unibersidad ng Pilipinas Diliman**

**DEDLAYN NG PAGPAPASA NG ABSTRAK:**
**31 MARSO 2026**

Isasagawa tuwing makalawang taon ang Kumperensyang Tatsulok. Kumakatawan ang TATSULOK sa mahigpit na ugnayan at talaban ng Akademiya. Bayan at mga Kilusang Panlipunan sa pagpupunyagi para sa makabuluhang edukasyon sa lipunan - *makabayan, progresibo, kritikal at makamasa.*

*Okasyon ito ng ika-70 anibersaryo ng Batas Rizal (RA 1425), isinasagawa pagkatapos ng 130 taon ng Mi Ultimo Adios ni Gat Jose Rizal at humigit-kumulang 130 taon mula nang sumiklab ang Himagsikang 1896, gayundin ang kamatayan ng magiting na bayani.*

Kaugnay nito, iniimbitahan ang lahat ng mga guro, iskolar, organisador ng komunidad, mananaliksik, mag-aaral at mga aktibista na magpasa ng kanilang papel kaugnay ng sumusunod na temang Rizal **at Pagkamakabayan.**

MGA DETALYE NG PAGSUSUMITE

